END GMA REGIME! END ELITE RULE!
GMA – NOLI – ELITISTANG TRAPO WALANG PINAG-IBA!
TUTULAN ANG PAGHAHARING MILITAR!
SISTEMA ANG DAPAT BAGUHIN!

Sukol na si GMA!!! Wala na siyang *legitimacy* upang mamuno dahil wala nang sumusuporta sa kanya. Kahiya-hiya na ang kanyang pagiging kapit-tuko sa pwesto. Siya ang dapat na mag-resign at hindi lang ang kanyang kabinete!

Araw-araw ay bumubulwak ang grupo at sektor na nananawagan sa kanyang pagbibitiw at pag-alis ng suporta. Pinakamalaking bayo ay ang panawagan ng 10 myembro ng kanyang kabinete sa pagbitiw mismo ng Presidente, pagkalas ng suporta ng kaalyadong Liberal Party, dagdag sa mga naging panawagan ng La Salle, U.P., mga obispo at ilang seksyon ng mga negosyante, lalo na ng mga organisado at mga militanteng organisasyon na noon pa ay lumalaban na sa mga patakaran ni Gloria na nagpapahirap sa mga mamamayan. Sa pagdaan ng mga darating na araw, mas marami pa ang mananawagan sa kanyang resignasyon.

Ang pinag-uusapan na ngayon ay ang senaryo na post-GMA Administration. At ang itinutulak ng mga elitista – mula sa kampo ng administrasyon at oposisyon – ay ang awtomatikong paghalili ni Bise Presidente Noli de Castro. Gusto ito ng mga elitista at mismo ng mga *backer* ng kasalukuyang administrasyon upang mapanatili ang sitwasyon.

Dapat nating tandaan at itanim sa ating mga isip na ang problema sa pamumuno ni GMA ay hindi lamang ang pandaraya. Ang krisis na kinakaharap natin ngayon ay bunga ng mga pang-ekonomiya at pampulitikang patakaran at sistemang itinaguyod ni Gloria – mga patakarang nakaayon sa kagustuhan ng IMF, World Bank at World Trade Organization – tulad ng privatization, liberalization at deregulation, awtomatikong pagbabayad ng utang at kontraktwalisasyon ng trabaho – mga dahilan ng patuloy at paglawak ng kahirapan ng sambayanang Pilipino, kawalan ng trabaho at pagtaas ng presyo ng mga bilihin.

Ang kahirapan at krisis ay nakaugat sa sistema. Kayat hindi tayo dapat pumayag na katulad din ni GMA na trapo at maka-elitista ang papalit at magpapatuloy ng mga programang nagpapahirap sa mga Pilipino – tulad ni Noli de Castro at tradisyunal na oposisyon. Sa ganitong senaryo wala pa ring magaganap na pagbabago.

MGA POSIBLENG MANGYARI

May malakas na tendensiya na bumaling sa pagdeklara ng batas militar ang kasalukuyang rehimen upang manatili sa pwesto sa sitwasyong halos inabandona na siya ng kanyang mga taga-suporta, lalo na sa hanay ng *elite* at *middle class*. Ang paghaharing militar ay naranasan na natin sa panahon ni Marcos at ito ay nagresulta sa pagkamatay at pagkakulong ng napakaraming mga Pilipino. Dapat tutulan natin ito.

Maaari ding isulong ng kasalukuyang administrasyon ang prosesong impeachment. Sa impeachment, tiyak na panalo ang kampo ni Gloria dahil suportado siya ng nakararaming kongresista at mga senador kaya't tiyak na di siya mai-impeach. At sasabihin nilang igalang natin ang konstitusyunal na proseso.

Huwag din nating suportahan ang pamamayani ng mga elitistang oposisyon dahil tiyak na parehong programa at patakaran din ang kanilang itataguyod. Magpapalit lang tayo ng kabayo sa kwadra subalit pareho pa ring uri ng karera.

Tutulan din natin ang planong pag-take over ng mga militar sa pamamagitan ng pagtatag ng military junta tulad ng panawagan ni Gen. Abat. Mas lalong maghihirap ang bansa sa sistemang ito dahil awtoritaryan na uri ng paghahari ang mangyayari habang ipinagpapatuloy ang mga pang-ekonomiya at pampulitikang patakaran ng *elite*.

Wala ring mangyayari kung magpatawag ng Snap Election, dahil una, sila-sila (mga elitista) lamang din ang lalahok dito at pangalawa, mag-eeleksyon ka sa sistemang elektoral na balon ng kurakot at dayaan. Ang Snap Election ay isang malaking kalokohan.
Ang panawagang parliamentary / federal na sistema ng pamahalaan ay lubhang di napapanahon dahil mananatili lamang si GMA at mga alipores nito bilang pinuno ng bansa kasama ang mahihirang na punong ministro na galing din sa mga elitista.

ANG ATING PANAWAGAN

Sa kagyat, dapat nating isulong ang mga sumusunod:

1. Dagliang magbitiw si Gloria, Noli, buong COMELEC, at buong myembro ng kabinete at magtatag ng isang transisyunal na rebolusyonaryong gobyerno na demokratiko at kinikilala ang malayang karapatan ng mga mamamayan.

2. Ang transisyunal na rebolusyonaryong gobyerno ay di na kaiba sa ating karanasan dahil ito ay ginawa na pagkatapos ng Edsa 1 sa ilalim ni Cory Aquino. Ang naging problema lamang, elitista ang nakinabang at nagpatakbo ng rebolusyonaryong gobyernong ito. Maging noong Edsa 2, mismong mga kapanalig ni Gloria ay nagmungkahi na takahin ang transisyunal na rebolusyonaryong gobyerno, subalit mas pinili nitong tahakin ang landas ng "succession".

3. Transisyunal na gobyerno – Magkaroon ng tagapangasiwa sa pamahalaan na pamumunuan ng mga lider na tanggap ng sambayanan, walang bahid ng korupsyon habang nagpapatawag ng pagbabago ng konstitusyon na tutugon sa krisis tulad ng ginawa ni Cory (freedom constitution hanggang magkaroon ng bagong konstitusyon), paglalagay ng mga matitinong opisyal sa Comelec, pagreporma sa sistemang electoral at pagtakda ng isang malinis at maka-masang halalan.

4. Ang transisyunal na gobyerno ay dapat na magpatupad ng rebolusyonaryong programa. Agad na ipatupad ang mga reporma at programang mag-aahon sa kahirapan sa mga Pilipino tulad ng pagtataas ng sahod ng mga manggagawa at mga empleyado, reporma sa lupa, pagrebisa sa mga utang na di pinakinabangan at huwag itong bayaran, pagbasura sa oil deregulation law na siyang sanhi ng pagtaas ng presyo ng langis at gasolina at mga programa para sa mangingisda, kababaihan, kabataan, katandaan, katutubo, kapayapaan at mga batayang isyu.

5. Ang transisyunal na gobyerno ay bubuuin ng lahat ng mga pwersang nakipaglaban kontra-GMA subalit titiyakin dito ng Laban Ng Masa at BISIG na hindi ito magiging instrumento sa muling paghahari ng mga elitista sa ating bayan. Titiyakin ang representasyon ng mga batayang sektor sa pambansang pamamahala at proseso ng pagpapasya.

Ito na ang panahon mga kababayan upang magkaroon ng ganap na pagbabago sa ating buhay. Makilahok at makisangkot para sa kinabukasan ng ating bayan, ng ating mga anak at ng mga darating pang henerasyon. Ituloy-tuloy na natin ang ating pagkilos at maging bahagi ng kasaysayan! Mabuhay ang sambayanang Pilipino na may prinsipyo, dignidad at pagpapahalaga sa katarungan.

End GMA Regime! No to Noli Succession! Establish Transitional Revolutionary Government!
End Elite Rule! End the Neo-Liberal Economic System!
No to restoration of Elite Politics! No to Junta! No to Martial Law!

Bukluran sa Ikauunlad ng Sosyalistang Isip at Gawa (BISIG)
Laban ng Masa
8 Hulyo 2005